Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Laguna
Bayan ng Santa Cruz

# TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA, NA IDINAOS SA BATASANG BAYAN NOONG IKA-30 NG SETYEMBRE, 1998, MIYEKULES, SA GANAP NA IKA-9:00 NG UMAGA.

DUMALO:

KGG. HEIDI S. CIRIACO ............ PANG. PUNONG BAYAN
Tagapangulo

Kgg. Eugenio A. Javier, Jr. ....... Kagawad
Kgg. Florencio C. Odejar ......... Kagawad
Kgg. Ricardo B. Ramirez .......... Kagawad
Kgg. Bernardo E. Ison ............ Kagawad
Kgg. Louie C. de Leon ............ Kagawad
Kgg. Ariel T. Magcalas ........... Kagawad
Kgg. Edgardo T. Porca ............ Kagawad
Kgg. Angelito U. Limjuco ......... Kagawad
Kgg. Jeffrey A. Villaseñor ....... Kagawad

DI-DUMALO:

Kgg. Jaime Alexander T. Calupitan. Kagawad

KAPASIYAHAN BLG. 135-T'98

KAPASIYAHANG KINIKILALA ANG KAHILINGAN NG DIGITAL TELECOMMUNICATIONS PHILS. INC. (DIGITEL) NA MAKAPAGTAYO NG NEGOSYONG PANGTELEKOMUNIKASYON SA BAYANG ITO ALINSUNOD SA MGA BATAS AT ALITUNTUNING IPINAIIRAL UKOL DITO.

**SAPAGKA'T,** ang Digital Telecommunications Phils. Inc. (Digitel), isang kompanya o pangkating pang-telekomunikasyon na lisensyado ng National Telecommunications Commissions ay may kahilingang makapagtayo ng negosyong pang-telekomunikasyon sa bayang ito;

**SAPAGKA'T,** ang pagkakaroon ng dagdag na serbisyong pangtelekomunikasyon sa bayang ito ay isang anyo ng pag-unlad o pagsulong ng bayan;

**SAPAGKA'T,** kapalit ng serbisyong ito ay pagtatamo ng karagdagang kita sa kaban ng bayan;

**SAPAGKA'T,** ang Digitel ay nakakuha ng mga kailangang permiso mula sa iba't-ibang sangay ng pamahalaan upang maseguro ang kaligtasan ng mga mamamayan tulad ng Air Transportation Office para sa height clearance, Radiation Health Service Certificate mula sa Kagawaran ng Kalusugan at ng kaukulang Building Permit mula sa Pambayang Inhinyero maliban sa pagtatayo ng tower sa lugar na pagtatayuan ng gusali nito;

**SAPAGKA'T,** ang pagtatayuan ng gusali para sa negosyo ng Digitel ay naaayon sa Zoning at Land Use Plan ng bayang ito;

**KUNG KAYA'T, DAHIL DITO,** sa mungkahi ng Kgg. Kag. Louie C. de Leon, na pinangalawahan ng Kgg. Kag. Ricardo B. Ramirez at sa buong pagkakaisa at sinang-ayunan ng lahat na ngayo'y kaharap, ay

**PINAGPASIYAHAN:** Na kilalanin ang kahilingan ng Digital Telecommunications Phils. Inc. (DIGITEL) na makapagtayo ng negosyong pang-telekomunikasyon sa bayang ito alinsunod sa mga batas at alituntuning ipinaiiral ukol dito.

**PINAGPASIYAHAN PA:** Na iliwat ang mga kaukulang papeles kaugnay ng kahilingang ito ng Digitel sa Pambayang Inhinyero upang mapag-aralan at kung nararapat at naaayon ang nasabing kahilingan sa mga patakarang ipinaiiral sa pagtatayo ng naturang negosyo ay hilingin sa Kgg. Punong Bayan na mabigyan ng pahintulot ang Digitel na makapagtayo ng negosyo sa bayang ito.

**INIUUTOS:** Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kgg. Punong Bayan, Pambayang Inhinyero at Zoning Officer, lahat sa bayang ito at Digital Telecommunications Phils. Inc. para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

**PINAGTITIBAY.**

**PINATUTUNAYAN** kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

JEANETTE P. ALFONSO
Kalihim ng Sangguniang Bayan

**NAGPATUTOO:**

HEIDI S. CIRIACO
Pang. Punong Bayan
Tagapangulo

**PINAGTIBAY:**

DOMINGO G. PANGANIBAN
Punong Bayan

SANGGUNIANG BAYAN C
RECORDED
BY:
DATE: 10-21
STA. CRUZ, LAGUNA